



## Mga Pelikulang “Propaganda” noong Panahon ng Okupasyong Hapones: “*Dawn of Freedom*” at “*Tatlong Maria*”

Ma. Florina Y. Orillos-Juan, Ph.D.\*

Departamento ng Kasaysayan, De la Salle University Manila

\*ma.florina.orillos-juan@dlsu.edu.ph

**Abstrak:** Ang Okupasyong Hapones sa Pilipinas (1941-1945) ay isang madilim na kabanata sa kasaysayan ng bansa. Ang mayorya ng mga aklat at kaugnay na literatura ay halos nakatuon sa naratibong may kaugnayan sa mga usaping pulitikal, pangkabuhayan, panlipunan at gayundin, ng mga kuwento ng “kataksilan” at “kabayanihan.” Gayunpaman, marami na ding inilimbag na mga pag-aaral na patungkol sa aspetong kultural ng Okupasyong Hapones. Mahalagang pagtuunan ng pansin ang iba’t ibang uri ng libangan para sa mga mamamayan, na umiral pa din sa kabila ng kapanahunan ng giyera at okupasyong Hapones.

Masusing ilalahad sa kasalukuyang pag-aaral ang dalawang pelikulang nilikha at ipinalabas noong 1944 sa kasagsagan ng Okupasyong Hapones sa Pilipinas: ang *Dawn of Freedom* at *Tatlong Maria*. Kapwa ginamit ang dalawang pelikula bilang daluyan ng propagandang Hapones – malinaw na nakahabi sa banghay ng mga ito ang mga kaisipan katulad ng kapatirang Pilipino-Hapones, pagtatakwil ng mga impluwensyang Kanluranin; pagbabalik sa nayon at payak na pamumuhay bilang pagpapahalaga sa taal na kalinangan. Gayundin, may mga tuwirang pagbanggit ukol sa “kagalingan” ng pamamalakad at hangarin ng mga Hapones na gawaran ng kalayaan ang Pilipinas at bigyang-buhay ang Ikalawang Republika.

Sa pagtatapos ng pag-aaral, sinuri ang bisa ng paggamit ng mga Hapones ng dalawang pelikula bilang instrumento ng “propaganda.” Sinagot ang katanungan na: “Ang mga kaisipan ba na nakapaloob dito ay kumintal nang husto sa mga manunuod na Pilipino o maituturing na bigo sapagkat malinaw sa kanila na ang mga pelikula ay “mapanlinlang”?”

**Key Words:** Okupasyong Hapones; pelikula bilang propaganda; *Dawn of Freedom*; *Tatlong Maria*;

Gerardo de Leon

### 1. INTRODUKSYON

Sa nakaraang limampung taon, maraming mga akda na nailimbag ang nagtuon ng pansin sa iba’t ibang propagandang Hapones na pinalaganap sa Pilipinas sa loob ng tatlong taong okupasyon nila dito. Karaniwan nang binibigyang-pansin halimbawa, ang papel ng literatura, musika o teatro at iba pang mga akdang nailimbag sa mga pangunahing magasin at pahayagan sa panahong iyon. Ang pelikula, na sadyang naging tanyag sa masa bunga ng popularidad ng mga pelikulang Amerikano sa naunang mga dekada bago ang pagdating mga Hapon, ay ginamit din bilang isang instrumento ng propagandang Hapones. Sa katunayan, sa kasaysayan ng pelikula sa Pilipinas, may mga pagkakataon kung kailan ang pelikula ay ginamit bilang instrumento ng pagpapalaganap ng kultura, ideolohiya ng mananakop. Sa pagpasok ng mga Amerikano sa Pilipinas, maraming pelikulang propaganda ang kanilang ipinalabas mula 1899-1903 (tingnan ang ilang mga pamagat sa Santillan 1998,

p. 21). Kasabay ng pagsakop ng mga Hapones sa bansa, sila ang naging panibagong manlalaro sa larangan ng paggawa ng pelikula sa Pilipinas. Kinilala nila ang popularidad ng pelikula sa masa at napagtanto na mainam at mabisa itong pamamaraan upang ipakilala at ipalaganap ang kanilang “dakilang layunin.” Samakatwid, ang sining ng paggawa ng pelikula ng mga Hapones ay kinapalooban ng isang tiyak na mithiin: gawin itong midyum upang ipalaganap ang kanilang propaganda.

Dalawang pelikula na nilikha ng mga Hapones, sa kolaborasyon ng Pilipinong direktor at manunulat ang papaksain ng pag-aaral na ito - ang *Dawn of Freedom* at *Tatlong Maria*. Ipinalabas ang naturang mga pelikula noong 1944 at nagsilbi ang mga ito bilang isang instrumento sa pag-impluwensya ng kaisipan ng mga Pilipino at kumbinsihin ang madla na mabuti ang hangarin nila sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapatupad ng

kanilang programa ng *Greater East Asia Co-Prosperty Sphere*.

## 2. PROPAGANDA AT PELIKULA

Pinapaksa ng papel na ito ang isang historikal na pag-aaral ng dalawang pelikulang may tiyak na layunin para sa mga tagapaglikha: upang gamitin ang mga ito bilang isang popular na uri ng libangan kung saan maaaring ihabi sa istorya ang isang ideolohiya at pulitikal na mithiing nais ipalaganap.

Mainam na bigyang-pakahulugan muna ang terminong “propaganda”. Ayon kay Nemes (1999) ito ay tumutukoy sa:

“systematic construction of a text in which the ideological principles of a political stance are promoted, endorsed and made attractive to the viewer in order to influence the viewer’s beliefs and preferences. Such a text may often include critical and exploitative ideas and imagery about oppositional stances. “Point of view” in these texts is wholly informed by political bias and a specificity of intention to persuade the viewer of the intrinsic ‘rightness’ of authorial position” (p. 220)

Samantala, binigyang kahulugan naman ang terminong ito sa aklat ni Jackall (1995), ang propaganda ay “produkto ng isang gawaing intelektwal na may mithiing himukin ang malaking bahagdan ng mga mamamayan tungkol sa katangian ng isang organisasyon, adhikain o personalidad. Ang pagtatagumpay o pagkabigo nito ay naka-depende sa kung gaano nito sinasapul, naipapahayag at naililigaw ang mga ispesipikong namamayaning sentimyento.” (p. 2) Para naman sa pinakamalawak na pagpapakahulugan ng terminong propaganda, ito ay tumutukoy sa “pamamaraan ng pagimpluwensya ng pagkilos ng tao sa pamamagitan ng pagma-manipula ng representasyon. Ang mga representasyong ito ay maaaring nasa iba’t ibang anyo-pasalita, pasulat, biswal o musikal” (Laswell, 1995, p. 13).

Sa pagbubuod ng pagpapakahulugang tinalakay sa itaas, mahihinuha na ang terminong “propaganda” ay ginagamit ng isang tao, grupo ng tao na may tiyak na mithiin at iyon ay kadalasang upang himukin ang isang sektor ng lipunan o grupo ng mamamayan na maniwala sa itinataguyod nilang adhikain, kaisipan o ideolohiya. Malinaw din na sa pagpapalaganap ng propaganda, ginagamit ang iba’t ibang midyum upang higit itong tangkilikin ng mga tao.

Isa sa mga midyum ng pagpapalaganap ng propaganda ay ang pelikula. Ano ang mga katangian ng ganitong uri ng pelikula? Ang pelikulang

propaganda ay isang *genre* ng pelikula. Ayon sa Wikipedia, ang *propaganda film* ay “isang pelikula, madalas na nasa pormang dokumentaryo, ang ginawa para sa tiyak na layunin ng propaganda: kumbinsihin ang manunuod tungkol sa isang tiyak na punto o layuning pulitikal.” Naaakit ang mga propagandista na gamitin ang pelikula bilang isang midyum kung ikukumpara halimbawa, sa telebisyon, pahayagan at radyo. Ito ay bunga ng katotohanan na ang manunuod ay nagiging malaya mula sa mga pangagambalang mula sa labas-kapag nanunuod ng pelikula, walang anuman at sinumang naroon maliban sa kanya, ang pinilakang tabing at ang tunog. Nakapaghahatid ang pelikula sa manunuod ng masalimuot at banayad na mensahe o impormasyon. Ang pelikulang propaganda ay palagi nagtatangka na impluwensyahan ang kaisipan ng masa. Ang ganitong *genre* ng pelikula ay ginagamit upang banayad na i-manipula o impluwensyahan ang isipan ng manunuod upang sundin ang ilang tiyak na adhikain o mithiin (tingnan ang [pagtalakay sa http://www.louisville.edu/~pcbran02/PropagandaFilm.html](http://www.louisville.edu/~pcbran02/PropagandaFilm.html)). Lumakas nang husto ang paggawa ng mga pelikulang propaganda simula noong ikatlong dekada ng ika-20 dantaon at maging sa panahon ng pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Jackall, 1995, p. 5). Nanguna sa paggawa ng mga ganitong uri ng pelikula ang Alemanya, Estados Unidos, Gran Britanya at Hapon. Karaniwang pinapaksa ng mga pelikulang ito ang pagsusulong ng isang pulitikal na adhikain at gayundin, ang pagbibigay-katwiran sa nagaganap na digmaan o pagpapalawak ng teritoryo. Sa panahon ng digmaan halimbawa, lubhang lumulutang ang *hatred propaganda* upang himukin at palalain ang pagkamuhing isang bansa tungo sa isa pang bansa, kasabay ang pag-asam na makakuha ng suporta sa mga tao o mamamayan na nakikisimpatiya sa kanilang adhikain.

## 3. PELIKULA BILANG PROPAGANDANG HAPONES SA PILIPINAS

Napakahalaga para sa mga Hapones ng paggamit ng propaganda lalo na sa panahon ng pakikisangkot nila sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang pelikula ay isang mabisang instrumento ng propagandang Hapones sapagkat ito ay tanyag na libangan para sa pansamantalang paglimot ng mga Hapones sa nangyayaring pagkasangkot ng kanilang bansa sa digmaan.

Karaniwang pinapaksa ng mga pelikulang Hapones na ipinalabas sa bansang Hapon mismo sa

pagitan ng mga taong 1937-1940 ang kanilang “dakilang misyon” sa Asya (Daniels, 1983, p. 307). Hindi lamang mga *feature films* ang karaniwang ipinapalabas sa bansang Hapon kundi maging mga dokumentaryo din na nagpapakita ng pagtatagumpay ng mga Hapon sa pagsakop sa iba pang kanugnog-bansa nito. Kung gayon, masasabi na ekstensyon ng mga propagandang ipinairal ng mga Hapon sa kanilang sariling bansa ang propaganda na ipinairal dito sa Pilipinas.

Sa pagpapairal at pagpapatupad ng mga programa at ng propagandang Hapones, naging isang mabisang instrumento ang *mass media*. Sa kauna-unahang pagpupulong ng *Hodobu* o ng *Japanese Propaganda Corps* (sa reorganisasyong ginanap noong Oktubre 1942, pinalitan ito ng pangalan bilang *Department of Information*; tingnan ang Soriano 136), pagkatapos ng okupasyon ng Maynila, pinagpasyahan nilang buksang muli ang mga istasyon ng radyo, mga palimbagan, teatro at sinehan. Ayon pa sa mga opisyaes ng *Hodobu*, lubhang makatutulong sa pagpapanumbalik ng kapayapaan at kaayusan ang hakbang na ito, idagdag pa ang katotohanang mabisa rin itong midyum sa pag-impluwensya ng kaisipan ng mga tao. Nakalilibang sa mga mamamayan ang panunuod ng pelikula at sandali nilang nalilimutan ang mga hamon at suliranin ng pagkakataon. Sa pananaw naman ng mga Hapones, mabisa itong daluyan ng pagpapalaganap ng kanilang “mabuting” layunin sa pananakop sa Pilipinas.

Nagsimulang magpalabas ng mga pelikulang Hapones dahil sa pagkakatatag sa Maynila ng *Nihon Eiga Haikyū Sha (Movie District Company)* noong Disyembre 1942. Naging katulong ng kumpanyang ito ang *Toho Film Company*, na isa sa mga itinuturing na haligi ng paggawa ng pelikula sa Japan. Ayon kay Wada (1992), karamihan sa mga pelikulang Hapones na ipinalabas sa Pilipinas ay may natatanging tema, kabilang na dito ang sumusunod: (i) pagpapakita ng superyoridad ng kapangyarihang Hapones (ii) pagpapahayag ng pangangailangan ng pakikipagtulungan sa mga Hapones na ikinubli sa likod ng mga kuwento ng pag-iibigan, (iii) pagpapakita ng diskriminasyon sa mga Asyano ng mga Amerikano at Ingles, (iv) pamamahayag ng kalakasan ng industriyang Hapones, (v) pagpapalabas ng mga pelikulang patungkol sa kuwento ng pag-iibigan, pantasya, buhay sa kabukiran at kanayunan at iba pa at (vi) pagpapahayag ng pamumuno ng bansang Hapon sa programang *Greater East Asia Co-Prosperty Sphere* (p. 210-211).

Nang lumaon, gumawa din ng mga pelikula sa wikang Tagalog sa pamamagitan ng pagtutulungang teknikal ng mga Hapones at Pilipino. Sa pangkalahatan, tatlong mahahabang

pelikulang propaganda ang ginawa sa Pilipinas. Ang una ay ang dokumentaryong *Glory of the Orient* na sa aktuwalidad ay patungkol sa pag-atake at pagpapabagsak sa Bataan noong Abril 30, 1942. Gumawa ng dalawang bersyon ng naturang dokumentaryong pelikula, isa sa wikang Ingles at isa sa wikang Tagalog. Nilagyan pa ito ng subtitulo na *Capture of Bataan and Corregidor*. Nahahati ito sa apat na *episode*: ang kampanya sa Bataan, ang pag-atake sa Corregidor, ang muling pagtatatag ng Maynila at ang pagbubunyi sa pagbagsak ng Bataan at Corregidor (Wada, 1992, p. 216). Samantala, gumawa naman ng dalawang pelikulang komersyal, ang *Dawn of Freedom* at *Tatlong Maria* na regular na ipinalabas sa mga sinehan. Tunghayan ang buod ng dalawang pelikula sa ibaba.

#### 4. BUOD AT PAGSUSURI NG DALAWANG PELIKULA

##### 4.1 Buod ng “*Dawn of Freedom*”

Ang pelikulang *Dawn of Freedom* ay nalikha sa pamamagitan ng kolaborasyon ng *Nihon Eiga Haikyū Sha* at *Toho Film Company*. Lahat ng aspetong teknikal ay pinamahalaan halos ng mga Hapon na sina Yutake Abe bilang direktor; Gerardo de Leon bilang katulong na director; Yutake Abe at Denjiro Ōkochi sa salaysay; Ryūichirō Yagi at Hideo Kokumi sa pagsasadulang pampelikula at Giyu Miyajima at Higinio Fallorina sa sinematograpiya.

Gumanap bilang mga pangunahing aktor at aktres sa naturang pelikula sina Leopoldo Salcedo, Fernando Poe, Angel Esmeralda, Carmen Rosales, Norma Blancaflor at Rosa Aguirre (Wada 220 at Santillan 41). Samantala, kumuha rin ng mga aktor na Hapones upang gumanap sa pelikula bilang mga sundalong Hapones at iba pang karakter. Kabilang sa mga aktor na Hapones ay sina Denjiro Ōkochi, Ichiro Tsuchida at Shigenobu Kawazu. Ang ilang Amerikanong bihang ng mga Hapon sa Pilipinas o yaong mga *prisoners of war* ay sapilitang isinama sa pelikula, partikular sa mga eksenang nagpapakita ng labanan sa pagitan ng mga Hapones at Amerikano. Kinuhanan ang mga eksena ng pelikula sa iba’t ibang lokasyon, kabilang na dito ang Bataan at Corregidor.

Ang orihinal at pinaka-popular na titulo ng pelikula ay *Dawn of Freedom* subalit sa ilang pagkakataon, ito ay binigyan din ng pamagat na *Down with that Flag* (Tribune, Enero 29, 1944) at *Liwayway ng Kalayaan* (Tribune, Pebrero 19, 1944). Nang ipalabas ito sa bansang Hapon para sa manunuod na Hapones, ang ginamit na titulo ay *Down with the (American) Flag* (Jose, 1997, p.137). Gayunpaman, kahit nasa wikang Ingles ang

pamagat, ang mga diyalogo sa pelikula ay nasa Tagalog, maliban yaong mga linya ng mga Hapon na nasa wikang Niponggo (at may ipinakitang subtitulo) o dili kaya ay ng mga Amerikano na nasa wikang Ingles. Ipinalabas sa mga sinehan sa Maynila ang pelikulang ito simula Marso 5, 1944.

May apat na pangunahing tauhan kung saan umiikot ang istorya ng pelikula. Sa isang eksena, ipinakita ang isang ina, isang binata sa katauhan ni Mariano (sa akda ni Wada 1984, "Garcia" ang binanggit na pangalan) at isang bata, si Antonio/Tony. Ito ay isang eksena kung saan nagpapaalam na ang binata sa kanyang pamilya upang sumapi sa *United States Armed Forces in the Far East* o USAFFE dahil noon ay kasalukuyang umaatake ang mga Hapones. Binasbasan siya ng kanyang ina at nagwika na ang digmaang nagaganap ay digmaan ng "katwiran." Samantala, nagbilin naman ang batang si Tony sa kanyang kapatid na mag-uwi ng helmet ng kaaway upang magsilibing *souvenir* sa kanyang pagbabalik sa kanilang tahanan.

Sa isa namang eksena, ipinakita na isang Kapitan Gomez ang naging bihag ng mga Hapon. Dito masusumpungan na si Gomez ay tila pinagsasabihan ng mga bumihag sa kanya kung kanino ba niya talaga iniaalay ang kanyang katapatan, sa Amerika o sa Pilipinas. Iginigiit ng Hapon na si Hayami na dapat pa ngang sisihin ang Amerika dahil ito ang salarin sa pangungunyapit ng kanyang Inang Bayan.

Nang ang batang si Tony ay mahagip ng isang nagmamadaling kotse na may lulang opisyal ng gobyerno na nagmamadaling pumunta sa Bataan, napilay ito at isinugod kaagad sa ospital. Doon, si Tony ay dinalaw at inalagaan ni Ikegami, isang sundalong Hapon. Sa katunayan, habang ganap na nagpapagaling si Tony, ipinapasyal siya ni Ikegami at tinutulongan upang makalakad muli. Sa bawat pagbuwal ni Tony sa paglalakad, naroon ang Hapon upang siya ay tulungan. Dahil sa labis na malasakit na ipinakita ng Hapon kay Tony, natuwa ang kanyang ina at lubos na naantig ang damdamin at nagwika na napakabait ni Ikegami. Sumagot naman ang Hapon at sinabing itinuturing niya bilang kapatid si Tony kung kaya inalagaan niya ang bata. Bunga ng kabutihang ito ng Hapon, napahinuod ang ina ni Tony na umapila sa kanyang anak na binatang si Garcia na noon ay nasa Corregidor upang sumuko na sapagkat ang mga Hapon diumano ay dumating upang palayain ang mga Pilipino.

Sa sumunod na eksena na nagtatampok kay Gomez, ipinakita na siya mismo ay nagwika sa kanyang mga kapwa Pilipino na sumuko na

sapagkat tunay na kapanalig at kaibigan ang mga Hapones. Dahil sa mga panawagang ito, sumuko nang tuluyan si Mariano at sa kanyang pagbabalik sa kanilang tahanan, nagdala siya ng hiniling ni Tony na *souvenir* na *helmet* ng kaaway. Subalit sa pagkakataong ito, isang helmet na pag-aari ng isang Amerikano ang kanyang dala, imbes na sa isang Hapones.

Ipinakita din sa pelikula ang mga eksena kung saan ang mga sundalong Amerikano ay inuutusan at pinupuwera ang mga Pilipino na sunugin ang kanilang mga kabahayan at pamayanan. Ang ilang eksena naman ay tahasang nagpapakita ng mga Pilipinong sibilyan na ikinakadena ng mga Amerikano upang huwag makatakas at makipagtulungan sa mga Hapones.

#### 4.2 Buod ng "Tatlong Maria"

Ang pelikulang *Tatlong Maria* ay batay sa iskrip na buhat sa nobela ni Jose Esperanza Cruz. Ang akdang ito ni Cruz ay may pamagat na *Tatlong Maria*. Inilimbag ang naturang nobela bilang serye sa *Liwayway* simula Enero 23 hanggang Hunyo 26, 1943. Isinadula ang nobelang ito ni Tsutomu Sawamura at idinirihe naman ng batikang Pilipinong direktor na si Gerardo de Leon. Kabilang sa mga artistang nagsiganap ay sina Fernando Poe, Jose Padilla, Jr. Carmen Rosales, Norma Blancaflor at Liwayway Arceo.

Ipinagmalaki ng mga Hapones ang pelikulang *Tatlong Maria* ay bilang kauna-unahang pelikulang gawa sa Pilipinas na nakatakang ipalabas sa buong Silangang Asya. Nagkaroon ng *preview* ang naturang pelikula noong Oktubre 10, 1944 sa Metropolitan Theater. Samantala, ang regular na pagpapalabas ay nagsimula noong Oktubre 12 hanggang 26 sa sinehang Ideal, State, Times at Capitol (Wada, 1992, p. 226).

May tatlong pangunahing karakter: ang magkakapatid na sina Maria Fe, Maria Esperanza at Maria Caridad na may magkakaiba ring ugali na taglay. Sila ay magkakapatid sa ama—ang unang dalawa ay yumao na ang ina samantalang ang bunso ay anak ng kanilang ama sa ikalawang asawa, si Donya Pilar. Gayunpaman, maging sina Fe at Esperanza ay malapit din sa kanilang madrasta na si Donya Pilar. Yumao na ang kanilang ama at hindi naglaon, nakapag-asawa sina Fe at Esperanza. Pinili nilang lisanin ang lalawigan na kanilang kinagisnan at manirahan sa Maynila. Samantala, ang bunso na si Caridad ay nanatili sa lalawigan upang alagaan ang mahina na niyang ina at pangasiwaan ang kanilang bukid.

Nang sumiklab ang giyera, walang nagawa ang dalawang magkapatid kung hindi ang bumalik



sa lalawigan dahil sa kahirapan ng buhay. Buong-puso naman silang tinanggap ni Caridad at pinatigil sa bahay nilang mag-asawa. Nagkataon din na sa araw ng pagtatag ng (Ikalawang) Republika, si Caridad ay nagsilang ng isang malusog na sanggol na lalaki.

#### 4.3 Pagsusuri ng Dalawang Pelikula

Maaaring i-kategorya ang dalawang pelikula bilang pinagsama-samang pulitikal, ideolohikal at pandigmang propaganda, ayon sa pag-uuri ni Thomson (1977, p. 11-12). Ang pelikula ay may bahid ng propagandang pulitikal sapagkat ito ay naglalaman ng banayad na pamamaraan ng pagpapakita ng isang partikular na imahen (*image projection*) na nais itanghal ng gumagamit nito. Isa din itong ideolohikal na propaganda sapagkat may isang ideolohiya na nais ipakilala at palaganapin. Nilalayan naman ng propagandang pandigma na panghinain ang loob ng kaaway sa panahon ng digmaan o kaya naman ay palakasin ang moral ng mga sariling hukbo o tropa. Puwede din itong gamitin upang makakuha ng mga ka-alyado at kakampi na may simpatiya sa ipinaglalaman na mithiin o adhikain.

Hindi maitago ang mensahe at kaisipang nais ihatid ng pelikulang “*Dawn of Freedom*”. Mula sa pagpapalabas ng mga partikular na eksena na nagpapakita ng mga kampanyang militar ng mga Hapones sa Bataan at Corregidor, sa pagsisingit ng suhestibong eksena ng pagtatali ng mga Amerikano sa mga mamamayang Pilipino upang hindi tumakas at makianib sa mga kaaway na Hapones, hanggang sa pagsasabuhay sa mga karakter ng pelikula, mahihinuha na direkta at malinaw ang mensahe. Itinatanghal sa pelikula na dumating ang mga Hapones sa Pilipinas bilang “tagapagligtas” ng mga Pilipino mula sa paniniil ng mga “puti” at sa kolonyalismong Amerikano. Isinagawa ito ng mga Hapon bilang mga “tunay na kapatid” na Asyano na may mabuting layunin sa pagsakop sa Pilipinas. Ang ganitong kaisipan ng mabuting ugnayan at pagkakapatiran ay ipinakita sa sumusunod na eksena: (i) noong una, may isang binata na sumapi sa USAFFE upang labanan ang mga Hapon subalit sa dakong huli ay aapila sa kanya ang kanyang mga kaanak upang sumuko sapagkat ang mga Hapon ay hindi “kaaway” kung hindi mga “kaibigan.” (ii) eksena kung saan masayang naglalaro ang ilang mga bata habang paroo’t parito ang mga sundalong Hapones, (iii) nang mahagip ng isang rumaragasang sasakyan si Tony at siya ay napilay, isang sundalong Hapones ang nagdala sa kanya sa ospital. Habang nagpapagaling ang bata, laging naroon ang Hapones na kanyang naging kaibigan upang umalalay sa

kanya. Sa pagdaloy ng istorya, direktso ring sinabi ng Hapones na “ang Nippon at Pilipinas ay hindi magkaaway kundi magkaibigan na dapat magtulungan” at (iv) sa pagwawakas ng pelikula, kung saan pabalik na sa kanilang tahanan ang binatang sumali sa USAFFE, nagunita niya ang bilin ng nakakababatang kapatid na si Tony na mag-uwi siya ng helmet ng kaaway (na noon ay tumutukoy sa mga Hapones); subalit sa pagkakataong ito, ang inuwi niya ay helmet ng isang Amerikano. Sa puntong ito, nagkaroon ng malaking transpormasyon—tinanggap ang Hapon bilang kaisa, kaibigan, ka-alyado at ang mga Amerikano ang siyang naging kaaway.

Ang ikalawang pelikula, *Tatlong Maria* ay umiikot sa kuwento ng pag-iibigan at pamilya. Ngunit higit pa sa pangunahing banghay na ito, tumatalakay din ang pelikula sa malawak at malawig na pagkakaiba ng paninirahan sa lungsod at sa sa nayon. Ito ay ipinakita sa pelikula sa pamamagitan ng paggamit ng dalawang magkaibang lunan— ang Maynila at ang kanayunan. Mabisa nitong ipinahayag ang katiwasayan ng pamumuhay sa lalawigan na siyang hinihikayat ng mga Hapones na gawin ng mga Pilipino. Sa pagdaloy ng masalimuot na kuwento ng buhay ng tatlong magkakapatid, nakatago ang isang banayad na mensahe: ang ideolohiya ng pagtuligsa ng uri ng pamumuhay na ipinamarali ng mga Amerikano. Sa madaling salita, ang paninirahan sa lungsod ay itinumbas ng mga Hapon sa pagtangkilik sa kalakaran ng buhay na maka- at mala- Amerikano. Ito ay isang masamang klase at estilo ng pamumuhay na hindi dapat tangkilikin at tularan. Ayon pa sa kanila, nararapat lamang itong itakwil at iwaglit at may pangangailangan ang mga Pilipino na muling tuklasin (*rediscover*) ang kanilang kalinangan. Isang mahalagang simbolismo ring ginamit sa pelikula ang pagsisilang ni Caridad ng isang sanggol sa panahon ng pagtatag ng (Ikalawang) Republika. Sinasagisag nito ang isang panibago at masiglang hinaharap para sa mga Pilipino, sa ilalim ng pagpapatnubay ng mga Hapones.

#### 5. KONKLUSYON

Bilang pangwakas, ang pinakamahalagang isaalang-alang ay kung naging epektibo nga ba ang dalawang pelikulang propagandang tinalakay sa itaas para sa mga Pilipino? Kagaya ng iba pang instrumentong propaganda na ginamit ng mga Hapones, mababaw lamang ang naging epekto o impluwensya nito sa mga Pilipino. Ito ay bunga ng kaisipan ng mga Pilipino na may “nakatagong” layunin ang mga Hapones sa Pilipinas. Bagaman at hinihikayat ang mga Pilipino na tuklasin muli ang

kanilang mga sarili, hindi pa rin maikaila ang pag-aalinlangan at pagsususpetsa na naghahangad lamang ang mga Hapones na pumalit o humalili lamang sa mga Amerikano bilang imperyalistang bansa na magsasamantala sa Pilipinas. Maagang nabanaag ng mga Pilipino na ang adhikain ng mga Hapones na itakwil sa mga gawing Kanluranin at ang diskriminasyon laban sa lahing Kanluranin ay napaka-superpisyal lamang. Sa katunayan, sa kalooban ng mga Pilipino, alam nila na sa lalo't madaling panahon, pilit namang ipagbubunyi ng mga Hapones hindi ang lahing Asyano kung hindi ang kadakilaan lamang ng kanilang lipi. Ang programang *Greater East Asia Co-Prosperity* na isinulong ng Hapon ay hindi ang tiyak na kaparaanan sa pag-ahon sa nalugmok na ekonomiya ng Pilipinas kundi magiging higit na kapakipakinabang ang ganansya ng Hapon. Nasapul ang ganitong uri ng kaisipan ng isang manunulat na nagwikang hindi "*co-prosperity*" kasama ang mga bansang Asyano ang nilayon na abutin ng Hapon kung hindi "*prosperity ko*" (Jose at Yu-Jose 112).

Sinikap ng Hapon na amuin ang mga Pilipino upang maki-simpatiya at umayon sa kanilang simulain at hangarin. Pinakilos ng mga Hapones ang *Hodoku* at ginamit ang makinaryang Hapones upang magpakalat ng mga instrumentong propaganda na kinapapalooban ng mapanghimok na kaisipan upang kumbinsihin ang mga Pilipino na mapayapa at dakila ang kanilang hangarin sa bansa. Subalit malaking kabalintunaan naman ang ipinakita nila na marahas na pagkilos at kagaspangan ng ugali. Kabi-kabila ang pananakit, pagpapahirap o tortyur at pagpatay ang sinapit ng mga Pilipinong tumangging makipag-tulungan sa mga Hapones. Kung kaya nga imbes na makiisa sa mga Hapones, malabis na pagka-suklam ang nadama ng mga Pilipino. Samakatwid, sa kabila ng malawakang propaganda ng mga Hapones na gumamit pa ng iba't ibang midyum o kaparaanan, nabigo ang mga Hapones na paniwalain ang mga Pilipino sa kagalingan ng kanilang "dakilang mithiin."

## 6. PAGKILALA

Taos-puso na pasasalamat kay Dr. Ricardo T. Jose ng Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, isa sa pinaka-bihasang iskolar at pantas ukol sa piryod na ito ng kasaysayan ng Pilipinas. Hindi matatawaran ang naitulong ni Dr. Jose sa pagsasaayos ng kasalukuyang artikulo.

## 7. SANGGUNIAN

- Ikehata, S. and Jose, R. (1999). *The Philippines Under Japan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Jackall, R.. (1995). *Propaganda*. Houndmills, Basingstroke, Hampshire and London: MacMillan Press Ltd. 1995.
- Jose, R. T. and Yu-Jose, L. (1997). *The Japanese Occupation of the Philippines A Pictorial History*. Makati City: Ayala Foundation, Inc.
- Lasswell, H.. "Propaganda." In Jackall, Robert (ed.) (1995). *Propaganda*. Houndmills, Basingstroke, Hampshire and London: MacMillan Press Ltd., 1995.
- Nelmes, J. (1999). *An Introduction to Film Studies* 2<sup>nd</sup> Edition. London: Routledge.
- Prince, S. (1997). *Movies and Meaning: An Introduction to Film*. Boston: Allyn and Bacon.
- Santillan, N. M. (1998). *Kasaysayan ng LVN Pictures (1938-1961): Isang Ambag sa Pag-aaral ng Pelikulang Pilipino*. MA thesis, UP Diliman.
- Sawamura, T. (n.d.) "*Tatlong Maria, isang kathang pampelikula na hango sa nobela ni Jose Esperanza Cruz*."
- The Dawn of Freedom*. (1944). Toho Productions. VR 3145: Cultural Center of the Philippines.
- Thomson, O. (1977) *Mass Persuasion in History: An Historical Analysis of the Development of Propaganda Techniques*. Scotland: Paul Harris Publishing.
- Wada, M. T. (1992). "Strategy in Culture: Cultural Policy and Propaganda in the Philippines 1942- 1945." In Barte, Gina (ed.) *Panahon ng Hapon: Sining sa Digmaan, Digmaan sa Sining*. Manila: Cultural Center of the Philippines Museo ng Kalinangang Pilipino.